*mga labi. Liwanag ng anghel ang nakabalot sa katauhan ni Boy habang patakbo-takbo ito sa dawag ng diris at taniman ng sintunis at kalamunding, at maya-maya'y lumukob na ang dilim sa kanilang parang, ngunit patuloy pa rin ang kasayahan nilang lahat hanggang maglitawan ang milyong mga alitaptap sa lupa at milyong mga bituin sa langit, nang biglang humihip ang malakas na hangin, at ang liwanag-anghel ay biglang umangat pumaimbulog papalayo sa kanilang lahat. Hinabol niya ito, at nasumpungan niyang hinihigop siya sa kalawakan habang walang katapusan ang kaniyang pagtawag sa pangalan ng apo. Hila-hila siya ng liwanag hanggang ito'y maglaho't lamunin ng langit.*

~o0o~



Abdon M. Balde Jr.

# *Portál*

**NOBYEMBRE 30, 2006, HUWEBES,**
**1:30 NG HAPON. CAGSAWA, DARAGA, ALBAY**

Nang gumiray-giray ang tatlong palapag na hotel sa tabing ilog at humapay sa makapal na kawayanan ay naisip kong ito na ang katapusan ng aking mundo.

Bumalikwas ako mula sa pagkakadapa sa pasamano. Nagkumahog na lumusot sa pagitan ng mga taong nagsiksikan sa veranda. Nagsimulang tumili ang mga babae, saklot ng sindak ang mukha. *Kailangang makalikas.* Ngunit saan ako pupunta? Lampas-tao na ang rumaragasang baha sa kalsada. At napakalakas ang haginit ng bagyong Reming, na ayon sa radio kanina'y 265 kilometers per hour na! Umiilandang sa hangin ang mga palapa ng niyog, sanga ng kahoy, plywood, plakard, kaldero, kawali… Ang dambuhalang punong akasya sa harap ay baliw na hinahagupit ng mga sanga ang pinakapintuan ng Agra Lodge.

Nasalubong ko sa pasilyo si Mam Taz, tumatakbo, nasisindak, sumisigaw—*John! John! D'yos ko!* Pagdaka'y yumakap sa akin. *Joohhnn!!!* Gusto kong sabihing hindi *John* ang pangalan ko, ngunit niyanig na kami ng unang kalabog—*Bog!*

galing sa ilalim ng bahay. May dambuhalang bumunggo sa mga pundasyon ng bahay.

Niyakap ko na rin si Mam Taz. Muli kaming niyanig ng dalawang kalabog: *Bog! Bog!* Pagkatapos ay bumukas ang malaking bintana sa dulo ng pasilyo. Blag! Bumalibag sa dingding. Sumabog ang salamin. At ang pasilyo'y pinasok ng nakatutulig na sirit ng hanging namumuti! Para kaming sinabuyan ng gatas! Ito na nga ang *Bagyong-Ugis!* Saglit akong nabulag.

Magkayakap kaming bumalandra sa dingding, dumausdos sa sahig.

Gumulong ako upang pumailalim, nang di madaganan si Mam Taz. Noon ko narinig ang sunod-sunod na kalabog sa ibaba, sa ilalim ng bahay. Nagsanib na ang sirit ng hangin at ang mga dagundong na walang patlang.

Nakahandusay na kami sa sahig ay dumadausdos pa rin kami! *Joohhnn! Joohhnn!* Panay pangalan ang isinisigaw ni Mam Taz, na di naman totoo. Patuloy na humihigpit ang yakap sa akin, kumakayod ang mga kuko sa likod ko. Tumagilid kami—ako sa kaliwa, siya sa kanan—parang magkalaguyo.

Sumaboy ang malamig na tubig sa mukha ko. Tubig baha! Bumabagsak sa tubig ang buong bahay! Dalawang palapag na bahay ito. Isang malakas na agos ang tumangay sa amin ni Mam Taz. Para kaming nilingkis ng sawa, inangat sa sahig at ipinatong sa ibabaw ng balustre ng hagdanan. Lalong humigpit ang yakap namin sa isa't isa.

At noon ako nagising sa katotohanan. Ibig kong maiyak. Bakit palaging ganito? Nabubulagan sa umpisa, at pagdating sa laot ng matinding panganib—sa huling sandali bago maghiwalay—saka lamang magigising sa katotohanan? Siniil ko ng halik si Man Taz. Saglit na namilog ang kaniyang mga mata bago naunawaan ang nasa mukha ko, pumikit siya. Naramdaman ko ang init sa loob ng kaniyang bibig, galing sa dibdib. Kinagat niya ang dila ko, sa panggigigil.

Patuloy na nayayanig ang paligid. Muli kaming tinangay ng alon, ng maduming tubig na may kasamang putik at buhangin. Napuwing ako't napapikit. Isa pang napakalakas na agos ang humaplit sa amin. Humulagpos sa yakap ko si Mam Taz. Nang dumilat ako'y nakita ko sa ilalim ng tubig na may sinasabi siya, makapal ang bulang lumalabas sa bibig niya. Nahawakan ko ang pulsuhan niya. Pilit siyang lumalapit sa akin, inaabot ng unat na mga daliri ang aking dibdib, kumakawag, nagpipilit abutin ang bahagi ng dibdib kong magdadala sa amin sa ibang panahon, at kung sakali ay sa kaligtasan….

Pinilit kong lumapit sa kaniya ngunit bigla akong hinila ng kung anong lakas pailalim. *Ngitngit ng kapalaran!* Dumausdos ako pababa ng hagdanan. Napakalalim ng nilubugan ko. Pinilit kong dumilat. Nakita ko ang pira-pirasong pader na dingding, ang malalaking batong nag-uumpugan, humahabol sa akin. Ginamit ko ang lahat ng galing ko sa paglangoy at pagsisid upang makaiwas. Ubos-lakas akong tumadyak upang makaahon. Ngunit napakaraming malalaking batong gumugulong, umiilandang.

Hindi ko na nakita si Mam Taz.

Nakaramdam ako ng paninikip ng dibdib. Kinakapos ako sa hangin. Kailangan kong umahon, sumagap ng hangin. Isa pang tadyak na ubos-lakas. Saglit akong lumutang, saglit lang. Wala na ako sa loob ng bahay. Malawak ang tubigan.



Maraming batong rumaragasa, humahabol sa akin. Muli akong sumisid. Umiwas. Lumutang uli. Naaninaw ko sa malakas na buhos ng ulan ang mga bubong ng bahay at mga yerong inaanod. Sumisid akong muli. Wala nang kakahuyan sa paligid ko. Nasa dagat na ako? Sinubukan kong lumangoy paibabaw. Malapot ang tubig sa kapal ng putik at buhangin. Noon ko nakita ang mga taong kasama kong inaanod—lulubog, lilitaw. Ngunit wala akong marinig maliban sa sirit ng hangin at dagundong ng nag-uumpugang bato. Tinangka kong iligid ang tingin sa direksiyon ng agos nang maramdaman ko ang matinding palo sa likod ng ulo. Nagdilim ang paligid.

Ang sabi, sa huling sandali ng buhay—bago malagutan ng hininga—nagbabalik na parang sine ang nakaraan. Kaya siguro nang sandaling iyon, habang dumidilim ang paligid ko'y nagkakahugis naman ang iba't ibang eksena sa buhay ko.

*Unang Tagpo:* Madaling-araw, malamlam ang sikat ng tamad na araw. Sangandaan. May puno ng akasya at sa tabi nito ay ang signboard: WELCOME TO CAGSAWA RUINS. 500 M. AHEAD. Bumaba ako ng Pantranco. Naglakad sa masikip at pababang kalsada. May backpack sa likod, nakapamulsa ang dalawang kamay, magaan ang pakiramdam. Sinisipol-sipol ang *La Vie En Rose* ni Edith Piaf ngunit ang nasa isip ko'y ang salinawit ni Pete Lacaba, "*Nang ibigin mo ako, nagbago ang mundo. Ito'y nagkulay-rosas…Sa init ng 'yong halik, yakap na mahigpit, mundo'y nagkulay-rosas…*"

*Pangalawang Tagpo*: Ang umuusok na kape'y impiyernong gumuguhit sa lalamunan ko. Sa harapan, nakapila ang mga kaldero ng nilutong ulam, amoy ko ang asim ng paksiw, maasim pa sa mukha ng matandang nakasungaw sa ibabaw ng mga takip ng kaldero. Ang sagot ng matanda—na siyang may-ari ng tindahan—sa tanong ko kung saan tumatanggap ng kasera, "*Tatao ka mag-Bikol, mangangasera ka, dai kang paryentes digdi?*" Sabi ko, ipinanganak ako sa Oas, pero baka di na ako welcome doon, dahil nag-away-away ang Itay ko't mga kapatid niya sa hatian ng minanang lupa—kaya mangangasera na lang ako. Inginuso ng tindera ang tatlong palapag na gusaling kongkreto na tantiya ko'y malapit na sa ilog na tinatawid ng spillway papasok ng Cagsawa Park. Ang sabi, "Ayon, Vista Hotel, bagong gawa, *magayon*, moderno, pero mahal… Meron pang isa, ayon—Agra Lodge. Maraming nangangasera d'yan, maliliit ang kuwarto, pero mura, kung di mo gusto ang pagkain, *digdi* ka kumain, espesyal ang minudo ko…"

*Pangatlong Tagpo*: Signboard: *Agra Lodge*—dalawang palapag na kongkreto, tipong boarding/pension house, may veranda sa itaas. Maamo ang mukha ng babaeng manager/may-ari ng Lodge, tuon sa mukha ko ang mapupungay na mata sa kabila ng makapal na salamin, palagay ko'y mahina ang mga mata. Mukhang may-edad na, nakapuyos ang buhok, at wala sa uso ang tabas ng damit. Sabi, ang Lodge ay sa pangalawang asawa ng yumao niyang ina—isang Bombay na nadale ng trak sa labasan habang nagmamaneho ng motorsiklo. Sumalangit nawa. Sinabi kong nagre-research ako tungkol sa sinaunang Cagsawa. Three days-two nights lang ako, Miyerkoles babalik na 'ko ng Maynila. Nagkasundo kami sa presyo, mura, sa second floor ang kuwarto ko. Isang kama na dumadaing ang spring,

isang munting na tokador na may malabong salamin, may naglalakad na ipis, bentanilyang nakasilip sa Mayon, gumigiwang na bentilador sa kisame at limang pako sa dingding, sabitan ng hanger. Lima ang kuwarto sa second floor, pinaghihiwalay ng isang masikip na pasilyo. Common toilet and bath sa second floor. Yes, kung may chicks, libre silip. Dalawa ang kuwarto sa ibaba. Sa ibaba rin ang kainan at munting salas, may seksing maagang nagbabasa ng Vogue. Apat na kuwarto lang ang okupado. Panlima ang sa may-ari. Kailangang magpalista kung mag-aalmusal, mananaghalian at maghahapunan, para maisali sa pagluto. Miss Felicitas Montas ang pangalan ng manager, Mam Taz.

*Mga Sumunod na Tagpo*: Nilalakad ko ang daan patungong Cagsawa Park. Nagbabalik sa isip ko ang kaibang kaligiran noong huli akong makarating dito, field trip sa high school, sampung taon na yata ang nakaraan, di ko sigurado. Tinitingnan ang mga bago sa paligid: ang 1814 Restaurant, ang mga souvenir shop, ang parking area. May museum pero sarado.

Nagbukas ang bakal na pintuan ng Park. Kasama ako sa mga unang pumasok. Una kong nilapitan ang bakal na marker sa kanan ng nilulumot na kampanaryong bato…na nagsasabing ang Cagsa*u*a ay sakop ng Camalig noong 1587… *This church built after 1724 by Fray Francisco Blanco, O.F.M., was buried by rocks and lava during the eruption of Mayon Volcano, 1 February 1814…*

Naglakad ako sa likuran ng kampanaryo, halos magtinikling sa mga tipak ng bato, bumaba sa mga guho ng lumang simbahan, sa damuhang nakakalatan ng malalaking tipak ng bato, karamiha'y mula sa Mayon Volcano. Pagkatapos ay umikot ako sa tagiliran, tungo sa gawing likuran ng lumang simbahan. Iisa ang inaasahan kong makita—at naroon nga, nasa tagiliran ng batong dingding na nakaharap sa silangan—ang matandang puno ng balete! At kaagad kong narinig ang higing ng mayuming tinig:

"Maghahalat ako sa dating tagbuan
Sa puon-balete, sa gilid-simbahan
Kun bangging tuninong, pagbilog kan bulan
*Kantahan mo akong sabay sa Amihan."*

Maghihintay ako sa dating tagpuan sa punong balete sa gilid-simbahan. Kung gabing tahimik at bilog ang buwan, awitan mo ako sabay sa Amihan. Nasa isip ko lang ang tinig na iyon, at ang awit, ngunit di napigilang sagilahan ng matinding lungkot—dulot ng alaala ng isang unsiyaming pag-ibig, mula sa isang panahong matagal nang lumipas. Kinapos ako sa hangin at nangatal ang labi ko.

Pinilit kong ibaling ang pansin sa paligid bago malusaw sa luha ang daigdig. May swimming pool sa tabi ng dating simbahan. Naglakad ako sa tagiliran nito, namimigat ang mga paa, patungo sa Administration Building. Tinanong ko ang sekretarya kung anong oras nagbubukas ang museum. Ang sabi, habang nakangiti't nakalabas ang tatlong sungking ngipin, *"Pag-abot po ni Ms. Pita Pacres, an Administrator and Tourism Officer. Siguro before lunch."* Babalik na lang ako, sabi ko. Ibig kong idugtong, *Magbabalik si'mo sa hapros nin duros.* Ngunit walang tinig na lumabas sa bibig ko.

Nasa tabi ako ng guho ng dating Ayuntamiento, na nakukubabawan ng mga punong kahoy, may mga nagtitinda ng orchids sa paligid. Sabi ng tinderang pinagtanungan ko tungkol kay Tata Indoy, "Ay, *maluwas* ka uli ng Park, tawid ka ng tulay, kumaliwa sa highway, me mga *harong*—este, bahay sa gilid ng tulay ng Busay, doon mo ipagtanong si Manoy Indoy na *para-santigwar*—nanggagamot."

*Sumunod na Tagpo*: Nasa silong kami ng matandang puno ng pili. Banayad ang hangin. Mapusyaw ang liwanag ng araw sa maulap na langit. Ang mukha ni Tata Indoy ay tila sintanda na ng guhong simbahan. Malalim ang mga ugit ng panahon sa humpak na pisngi. Matamlay kumurap ang mga mata. Mamad ang labing pinanggagalingan ng mababang tinig na nagsasalaysay ng *suanoy* na *istoryang* una kong narinig sa aking Lolo:

Noong unang panahon, may magkasintahang nagsumpaan sa altar ng simbahan sa Kagsawa na hindi maghihiwalay dito, hanggang sa kabilang buhay. Ngunit naging malupit ang kapalaran. Nagustuhan ang dalagang magayon ng Kastilang may-ari ng asyendang sinasaka ng ama ng dalaga. Hindi man gusto ng dalaga, pumayag na rin nang napilitang ipagkasundo siya ng kanyang mga magulang na makasal sa Kastila.

Nang itakda ang kasal ay may buhay nang naipunla ang binata sa sinapupunan ng dalaga.

Hatinggabi, bisperas ng kasal, ang magkasintahan ay lihim na nagtagpo upang magpaalaman sa gilid ng talon ng Busay. Sabi ng dalaga, habang nakatanaw sa kampanaryong bato, "Pagharap ko bukas sa altar, ang sumpa ng pag-ibig na bibitiwan ko ay para sa iyo, hindi sa Kastila."

Sagot ng binata, "Ako'y maglalayag at babaunin ko ang gunita ng ating pagliyag. Kung ako'y mapadpad sa laot at mawalan ng palad, magbabalik sa iyo sa hanging banayad."

*Sabi ng dalaga, "Upang di ka mawala sa laot, tanawin mong lagi ang bulkang matayog. Isipin mong palagi akong narito sa paanan, may pusong tumitibok para sa iyo lamang. Sa mga bathala ay aking dalanging maging kakambal ng* Bulkang Magayon *ang aking damdamin. Sa gayon ay malalaman mong ako'y may panimdim kung ang paligid ng bulkan ay makulimlim. Sakaling magbago ang ating kapalaran, hanapin mo ako sa dati nating tagpuan, sa lilim ng balete sa tabi ng simbahan. Kung gabing tahimik at bilog ang buwan, umawit ka't baka sakaling ang awit mo'y dalhin sa akin ng hanging Amihan."*

Nagdurugo ang pusong lumisan ang binata. Nagbubukang-liwayway nang lumusong sa Ilog-Yawa at naglayag patungong mga pulo ng Rapu-Rapu at Kagraray upang mangibang-bayan at baka sakaling makalimot. Nasa laot siya nang biglang lumaki ang mga alon, lumakas ang ihip ng hangin. Nang lumingon sa pinanggalingan ay natanaw ang lambong ng maitim na ulap sa ibabaw ng bulkan. Sa gitna ng lambong ay may kumikislap-kislap na liwanag. Kinabahan ang binata, naalala niya ang dalangin ng kasintahan. Walang ano-ano'y bumuga ng apoy ang bulkan.

Hindi na nagdalawang-isip, sumagwan ang binata pabalik sa pinanggalingan. Pag-ahon sa pampang ay naramdaman niya ang pagyanig ng lupa habang dumadagungdong ang bulkan. Sumasayaw ang mga puno. Umuulan ng abo. Nagpapanakbuhan ang mga tao at hayop, hindi malaman kung saan susuot. Tumakbo ang binata patungong simbahan ng Kagsawa, umaasang mararatnan

ang kasal ng kasintahan. Ngunit ang dinatnan ay ang mga magulang ng dalaga na kasama ng mga taong tumakas sa ulan ng abo at nagliliyab na bato at nagkanlong sa batong simbahan. Ang sabi ng ama ang kasal ay kanselado. Natuklasan daw at palihim na nasaksihan ng Kastila ang pagtatagpo ng magkasintahan kagabi sa Busay. Nalaman pati na ang tungkol sa sekretong supling. Kaninang madaling araw, anya, ay dinukot ang aking anak at dinala sa Budyaw.

Hindi ininda ang lindol at mga pagsabog, sumugod ang binata sa kuta ng Kastila. Ngunit sa tarangkahan pa lamang ay nasalubong na ang Kastilang tumatakas sa papalapit na agos ng apoy. Kaagad na sumugod ang galit na binata sa Kastilang mayroon palang bitbit na pistola. Pinaputukan ang binata at ang Kastila'y tuluyan nang tumakas. Nagulat sa putok, lumabas ng kuta ang dalaga. Nakita niya ang malaking sugat sa dibdib ng minamahal, ang malakas na pagbulwak ng dugo. Agaw-buhay ang kasintahan. Ngunit hindi nasiraan ng loob ang dalaga. Pagdaka'y binalot ng kumot ang binata, isinakay sa kareta at hinila palabas ng lagwerta, patungong simbahang kanlungan.

Nakalulunos pagmasdan ang dalagang tumatakbo sa mabatong daan, hila-hila ang karetang kawayan. Hindi alintana ang ulan ng abo at bato. Nasa likuran lamang nila, humahabol ang agos ng lusaw na batong nagliliyab. Habang tumatakbo'y patuloy nananalanging sana ay makarating sa simbahan.

Sa lambong ng usok ay natanaw ng dalaga ang simbahan ng Kagsawa. Nabuhayan siya ng loob nang makitang bukas pa ang pinto. Binilisan ang takbo, kahit nagkakandarapa. Subalit natanaw ng mga tao sa loob ng simbahan ang papalapit na panganib: ang agos ng nagliliyab na lusaw na bato ay nasa likuran lamang, humahabol sa tumatakbong dalaga. Dali-daling isinara ng mga tao ang pinto.

Pagdating sa harap ng pinto ay katok na walang humpay ang ginawa ng dalaga hanggang magkasugat ang kamay. Nagmamakaawa na buksan ang pinto, papasukin sila at nang maligtas ang kaniyang minamahal. Nanawagan sa Poong Maykapal at sa lahat ng santong iginagalang. Ngunit ang langit at ang tao ay nanatiling bingi sa kaniyang pagsusumamo. Ang pinto ay hindi nagbukas.

Ayon sa mga kuwento, noon daw nanawagan ang dalaga sa ibang Bathala. Biglang lumitaw, galing kung saan, ang dambuhalang Sawa, na ayon sa matatanda'y siyang pinanggalingan ng pangalan ng bayan. Lumapit sa magkasintahan, pinasakay ang dalawa sa likuran nito at saka gumapang patungo sa punong balete. Bago inabot ng buhos ng apoy ay bigla na lamang naglaho ang Sawa at ang magkasintahan.

Ang nagliliyab na agos ng lusaw na bato ay hindi rin napigilan. Pinasok at tinupok ang buong simbahan, ang Ayuntamiento at ang Casa Real. Hindi rin nakaligtas ang mga taong nagkait ng awa't kaligtasan sa magkasintahan. Dapithapon na nang humupa ang pagsabog ng Mayon at namayapa ang kaligiran. Kahambal-hambal ang mga labi, mga sunog na katawan ng taong nagpatong-patong sa loob ng simbahan. May mga naghanap sa labi ng magkasintahan, ngunit kailanman ay hindi ito natagpuan.

Sabi ni Tata Indoy, "Halos dalawang siglo na mula nang mabaon ang Kagsawa. Guhong kampanaryo't batuhang lupa na lamang ang labi ng lumang simbahan. Pero dito, kahit ngayon, patuloy ang mga kuwento tungkol sa magkasintahan. Sabi ng iba, kung gabing tahimik ay may naririnig na mga langitngit ng karetang hinihila sa mabatong daan. Kung minsan daw ay may batong bigla na lamang tumitilamsik. May naririnig ding mga *agrangay*—panaghoy sa paligid ng simbahan. Kung kabilugan ng buwan at may hangin, ang sabi'y may maririnig na mga boses, kasabay ng pagaspas ng mga dahon ng balete sa may simbahan, may boses na kumakanta…"

Habang nagsasalita siya'y naririnig ko ang awit na kinakanta ng yumao kong Lolo:

"Nasa puso ko pa sa paglalagalag
ang mga gunita ng ating pagliyag;
sa laot, sa bundok, saan man mapadpad,
nagbabalik sa'yo sa hanging banayad."

At ang kasagutan, na pilit niyang ipinakakanta kay Lola:

"Narito lang ako sa dating tagpuan
pinagyayaman pa ang ating suyuan;
tahimik ang gabi at bilog ang buwan
dinig ka sa awit ng hanging Amihan."

*Tagpo*: Loob ng museum. Iba't ibang retrato at guhit ng simbahan ng Cagsaua. Isang pamphlet, sinasabing ang Pransiskanong fraile na nagtatag ng *visita* ng Cagsaua ay siya ring punong misyonero na naging martir sa Nagasaki, Japan noong 1597, naging San Pedro de Bautista noong ika-8 ng Hunyo 1862. Kung ganoon, siya ang amo ni San Lorenzo Ruiz. Isa pang Pransiskanong nanilbihan sa Camalig, si Fray Francisco de la Parilla ay naging santo rin. May mga santo palang naglalakad sa Bikol noong araw.

*Sumunod na Tagpo*: Gabi. Loob ng Agra Lodge. Magkaharap kami ni Mam Taz sa munting salas sa ibaba. Katatapos naming maghapunan. Kinumusta niya ang research ko. Ikinuwento ko ang mga natuklasan ko sa loob ng Park at sa museum. Inilihim ko ang tungkol kay Tata Indoy at sa kaniyang istorya. Tinanong niya ako kung nakausap ko si Ms. Pita Pacres. Sabi ko, "Nang bumalik ako sa Park, nakita kong bukas na ang museum, pumasok na lang ako." Sabi niya, "Di kompleto ang research mo kung di mo siya makausap. Marami siyang naka-file na mga research papers tungkol sa founding of Cagsaua and Daraga. Puntahan mo bukas sa Munisipyo, may office din siya roon." Habang nagsasalita siya'y nakita kong may hitsura pala si Mam Taz. Mukhang may-edad lang sa unang tingin, dahil sa makalumang salamin, sa ayos ng buhok at sa pananamit. Ngunit may tagong kislap ang kaniyang mga mata, matamis ngumiti, makinis ang balat at mapipintog ang dibdib. Patay ako sa mga may *magandang hinaharap*, wika nga.

*Tagpo:* Dumilat ang mga mata ko. Loob ng kuwarto sa Agra Lodge. Umaga na, may liwanag ng araw na lumulusot sa bentanilya. Naasar ako sa sarili. Ang plano ko'y gumising nang hatinggabi, mag-abang sa langitngit ng kareta sa daan o mag-usyoso sa puno ng balete sa gilid ng simbahan, alam ko na ang daan papasok ng Park sa tabi ng Ayuntamiento. Ngunit naging tuloy-tuloy ang tulog ko.

Napanaginipan ko pa si Mam Taz na kayakap ko habang inuugoy ng alon. Sa dagat?

Lampas alas-nuwebe ng umaga. Martes, November 28, ayon sa kalendaryo sa loob ng munisipyo ng Daraga. Ang sabi ng isang clerk na lalaking mahinhin kumilos ay maagang pumasok si Ms. Pita Pacres, pero umalis din, may pupuntahan yata. "Usually, bumabalik siya after lunch, bumalik ka mga two mamayang hapon, baka sakali…" dugtong pa, nakataas ang kaliwang kilay, malagkit ang tingin sa dibdib ko.

Lampas ikasampu ng umaga. Umuulan. Nasa loob ako ng Legazpi Museum, sa Old Albay District, tanaw ko sa labas ang bagong Peñaranda Park. Sabi ni Ms. Linda Belleza, ang Curator ng museum, "May ilan kaming books at pamphlets tungkol sa Daraga at Cagsawa, diyan sa Bikol Section, pero karamihan ay by dead writers …Goyena del Prado, Merito Espinas, Luis Dato at Jose Calleja Reyes. May mga bagong libro sina Merlinda Bobis, Marne Kilates, Godofredo Calleja, Abdon Balde…pero literary, hindi historical." Nanood na lang ako ng mga lumang retrato at artifacts.

Eksaktong alas-dos ng hapon. Munisipyo ng Daraga uli. Dinatnan ko si Mahinhin, nasa computer, naglalaro ng *Text Twist*. Ang sabi, idinampi pa ang dalawang palad sa pisngi habang nanlalaki ang mga mata, "Ay! Sabi ko may pupuntahan si Ms. Pacres? Pumunta pala siya ng Manila," *Manila*, hindi Maynila. "Sumakay sa PAL kaninang eleven, sori…" Nanlambot ang tuhod ko.

*Tagpo:* Hatinggabi. Ang langitngit ng gulong ay sinundan ko hanggang makatawid ng spillway. Ako lang ang nasa kalsada. Hindi ko tiyak kung ang langitngit ay nasa kalsada o nasa isip ko lang. Naudlot ang pagsunod ko malapit sa gate ng Park. Maliwanag ang ilaw sa magkabilang poste at ayokong makita ng guwardiya. Kumaliwa ako sa tagiliran ng mga tindahan ng souvenir at sumuot sa dating palayan, na ngayon ay bitak-bitak ang lupa sa kawalan ng patubig. Nilukso ko ang mababang pader sa gilid ng Ayuntamiento at pumasok sa mabatong paligid ng lumang simbahan. Mahahaba ang anino ng mga guho. Maingat akong naglakad patungo sa likuran ng dating simbahan. Nilampasan ko ang grotto ni Santa Maria. Umihip ang hangin, pumagaspas ang mga dahon ng balete. May maputing bagay na wumawagayway sa puno, sa likuran ng malalaking baging. Damit ng babae? May mukhang sumungaw. Inaaninag ko ang mukha nang may sumirit sa paanan ko. Pagdukwang ko'y kumislap ang mga kaliskis ng napakalaking ahas. Sagitsit na nakapangangalisag. Napaigtad ako. Pag-urong, natisod ako sa isang tipak ng bato at bumulagta. Matindi ang bagsak ng ulo ko sa matigas na bagay at biglang nagdilim ang paligid.

*Sumunod na Tagpo:* Tunog ng tikatik na ulan sa bubong. Pagaspas ng mga dahon. Pagdilat ko'y mapusyaw na liwanag ang sumalubong. Nakahiga ako sa aking kama sa Agra Lodge. May naramdaman akong sakit sa likod ng ulo. Nakadukwang sa akin si Mam Taz, ang mahabang buhok ay nakalugay sa maputing balikat. "Nagising ka rin," sabi niya, "Inihatid ka rito kaninang umaga ng mga namamasukan sa Park. Natagpuan ka sa likod ng lumang simbahan. Basang-basa ka ng ulan. Wala kang malay, may dugo sa ulo. Nabagok ka?" Nang hinipo ko ang likod ng ulo ko'y nakapa ang benda. Agad hinawakan ni Mam Taz ang kamay ko upang ilayo sa ulo. "Kalilinis ko ng sugat, may konting putok, pero mababaw lang. Nilagyan ko ng Betadine at Bactroban para di ma-infection, huwag mo munang gagalawin." Habang nagsasalita ay amoy ko ang sariwang sabon at kung anong mabangong ipinahid sa katawan habang naliligo. Sa lapit niya sa akin, noon ko nakita ang tago niyang ganda, ang yumi ng kilos, ang tamis ng tinig. Tumayo siya. Hindi ako makagalaw sa pagkakahiga, mata ko lang ang sumusunod sa banayad niyang imbay habang naglalakad palayo sa akin. "Magpahinga ka muna, hindi ka makabibiyahe pabalik ng Manila ngayon, malakas ang parating na Bagyong Reming, kabababa lang ng Typhoon signal number three sa Bikol." Ngumiti siya, tumalikod, humakbang palabas ng silid, sa may pintuan ay muling lumingon, "Ipaaakyat ko na lang ang almusal mo." Pagsara ng pinto ay saka ko nakapa ang hubad kong katawan sa ilalim ng kumot.

*Sumunod na Tagpo*: Nakaupo sa gilid ng kama ko si Mam Taz. Taas hanggang dibdib ko ang kumot, pero may shorts na akong suot. Ang tingin niya'y tuwid sa aking mukha, ang tanong niya, "Ano ang ginawa mo sa likod ng simbahan at doon ka inumaga?" Tanong din ang isinagot ko, "Sino ang nagpaligo sa akin?" Hindi ko masiguro kung ngiti ang sumungaw sa gilid ng kaniyang mga labi. "Nang idating ka'y wala pa ang dalawang lalaking katulong. Si Toyang, na nakakilala sa iyo sa labasan, ay naging abala sa kusina. Dumudugo ang iyong sugat. Pinunasan lang kita't may mga putik ka sa katawan." Hindi niya inaalis ang titig sa mukha ko, parang hubo't hubad pa rin ang pakiramdam ko. "Pinalabahan ko na tuloy ang mga damit mo. May dryer naman dito, mamaya, plantsado na iyon. Ano ang ginawa mo sa likod ng simbahan?"

"Ikaw mismo ang nagpunas sa akin?"

"Huwag kang mag-alala, marunong ako magtago ng sikreto." Hindi ko masiguro kung ang sekretong tinutukoy niya ay ang pagpunta ko sa simbahan o ang mga nakita niya sa katawan ko. Muli siyang nagtanong, "Bakit ka pumunta sa simbahan?"

Ikinuwento ko na ang istorya ni Tata Indoy. Inamin ko na rin ang ginawa ko kagabi: ang pagsubaybay sa langitngit sa kalsada, ang pagpunta ko sa puno ng balete, ang nakita kong malaking ahas. "Di ko maipaliwanag kung bakit naakit akong bumalik sa puno ng balete…" Nagsalubong ang aming mga mata. "Naniwala kang totoo ang istorya," sabi niya, alam kong hindi niya kailangan ang sagot.

*Tagpo*: Dapithapon ng Miyerkoles, patuloy ang paglakas ng ulan at hangin. Pinakikinggan ko sa radyo ang pagbaba ng Typhoon signal no. 4. Ang super typhoon na Reming—*Durian* ang pangalang internasyonal—ay inaasahang mananalasa sa Bikol mamayang gabi. Pero hindi ako takot sa bagyo. Supertyphoon din ang nakaraang Milenyo, may mga napinsala pero mabilis namang nakabangon ang mga Bikolano. Lumaki kami sa mga bagyong tulad nito. Kahit anong buwan ay bumabagyo sa Bikol, dumadalas pa taon-taon. Kanina, nang sumilip ako sa bentanilya, nakita kong binura ng madilim na papawirin ang Bulkang Mayon. Bumukas ang pinto ng silid at pumasok si Toyang, may dalang pagkain, ang sabi, "Sabi ni Mam dito ka na lang sa kuwarto maghapunan. Maaga kaming nagluto at baka mawalan ng koryente mam'ya." Katatapos kong kumain nang kumatok sa pinto si Mam Taz, pinatuloy ko, hinatak niya ang upuan, itinabi sa kama ko at

umupo paharap sa akin. Sabi niya, "Nang dumating ka noong Lunes ng umaga, nabigla ako, parang namukhaan kita..." Hindi ko na narinig ang iba pa niyang sinabi dahil ang ilaw ng iisang bombilya sa loob ng silid ay dahan-dahang lumamlam, kumurap, at namatay. *Brownout*! Hinabol ko ng tingin ang tila lumalayo at naglalahong mukha niya sa namuong karimlan, Mam Taz! bulalas ko, ngunit tinangay na siya ng dilim, ng ganap na karimlan...

*Blag*! May tumama sa likuran ko. Biglang may kumislap na liwanag! Isang saglit lang. Nawala. Kumislap muli. Dumilat ako. Puputok ang dibdib ko. Ibinuka ko ang bibig. May nahigop akong hangin. Pagdilat ko'y nakita ko ang mga sanga ng kahoy. Naharang ako sa tubig ng malaking punongkahoy. Ang pinaka-puno at mga ugat ay nasa pampang, ang mga sanga ay naharang ng malalaking bato. Umaapaw sa mga sanga ang maputik na agos ng ilog. Nasasala ang inaanod na mga dahon, nipa, kahoy, yero—at ako! Buhay ako! Ngunit nananakit ang buo kong katawan. Maraming hiwa at sugat sa magkabila kong braso. Patuloy ang hagupit ng malakas na hangin, kasabay ang malalaking patak ng ulan. Mahina na ang dagundong ng malalaking bato. Mabuhangin sa paanan ko.

Nakarinig ako ng mga tinig ng tao sa pampang. Palapit ang mga tao sa punong natumba. Narinig ko ang lagapak sa tubig ng malalaking lubid. May tumama sa ulo ko. Muling nagdilim ang paligid ko. Ang mga sumunod na pangyayari'y di ko na maalalang lahat. Tila nakabalik ako sa Busay. Nakasakay ako sa trak. Nagising ako sa loob ng isang silid. Ospital?  Nakita ko ang mukha ni ama. Naiidlip, nagigising ako sa malayong biyahe.

Tuluyan akong nagising sa ugong ng bentilador. Natanaw ko ang hanay ng mga bintana. Sinubukan kong gumalaw ngunit namimigat ang buo kong katawan. May mga pilat sa braso ko. Pinilit kong tumagilid. Nasa bahay ako ni Itay. Sabi ni Itay, "Napulot ka ng mga tao sa Rawis, sa sabangan, malapit na sa bunganga ng dagat, lampas alas-singko ng hapon. Inanod ka ng baha, mahigit walong kilometero mulang Cagsawa. Akala ng mga nag-ahon sa iyo sa Ilog-Yawa ay nasiraan ka ng bait. Sugat-sugat ang katawan mo, pero nagpilit kang tumayo. Naglakad ka sa pampang ng ilog pabalik. Muli kang bumagsak sa putik, nawalan ng malay at iniahon ng mga tao paakyat sa kalsada sa Kilikao. Sa tantiya ko'y nilakad mo ang kalsada mulang Binitayan, patungong Bañag, Culiat, hanggang madapa ka sa paanan ng tulay sa Busay. Doon ka dinampot ng army, Biyernes ng madaling-araw, isinakay sa six-by-six, kasama ng mga patay at dinala sa Daraga Park. Ibinaba ka sa Plaza. Isang volunteer na naglalagay ng apog sa mga bangkay ang nakapansing may pulso ka pa. Isinugod ka nila sa Albay Provincial Hospital, dalawang linggo ka roon. Nang matiyak na ligtas ka na sa panganib, ibiniyahe kita patungo rito. Nang palagi kang natutulala ay ipinasok kita sa Las Piñas Medical Center. Kahapon lang kita inuwi rito."



**ENERO 6, 2007, SABADO, 4:30 NG HAPON.**
**CAGSAWA, DARAGA, ALBAY**

Pagbaba ko ng bus na nanggaling sa Pasay ay nakita kong naroon pa rin sa sangandaan ang signboard: WELCOME TO CAGSAWA RUINS...medyo nakahilig na sa puno ng akasyang tila nalapnos, nawalan ng dahon. Pagtapak ko sa maputik na kalsada ay narinig ko ang kalabog sa loob ng aking dibdib. Ibig kong tumakbo ngunit masakit pa ang kaliwang paa ko't umiika-ika ako. Nasa kaliwang balikat ko ang bagong backpack dahil may nananakit pa sa likuran ko at nakasaklay sa leeg ang camera.

Kung karaniwang biyahe ito, dapat nakarating ako rito, kanina pang umaga. Ngunit ang bus ay naputulan ng timing belt sa Tagcawayan at tuluyang tumirik. Naghintay kami ng mga kasunod na biyahe, lumipat. Maraming kalsada at tulay na sinira ng bagyo na di pa nakokompone. May baha pa sa Camarines Sur. May detour sa Guinobatan. Kaya ang dating labindalawang-oras na biyahe ay naging mahigit dalawampong oras.

Habang daan ay naglalaro sa isip ko ang mga retrato at report ng diyaryo, ng telebisyon at ng internet tungkol sa malawakang pagkasalanta ng Albay, hindi lamang dahil sa bagyong Reming kundi dahil sa mga dambuhalang agos ng putik, lahar at malalaking bato galing sa Bulkang Mayon. Maraming baryo ang natabunan: Maipon, Travesia sa Guinobatan...Padang sa Legazpi ...at sa Daraga...pilit kong iwinawaksi sa alaala ang mga pangalan ng pook at ang mga tagpong tila bangungot sa isip ko.

Naghambalang sa bukana ng kalsada ang mga traysikel at dyip. Ang mga tao ay paroo't parito. Nasa magkabilang panig ng kalsada ang pansamantalang mga tindahan ng kamiseta, pulseras, kuwentas, banig, banga, sculpture na bato, retrato, kending pili, tabak, gunting at kung ano-anong abubot. Nakipagsiksikan ako sa mga tao. Nang makalusot ako sa hanay ng mga tindahan ay nagimbal ako sa malagim na tanawing bumulaga sa akin.

Wala nang kalsada sa likuran ng mga tindahan! Napakalawak na animo'y disyerto ng maitim na buhangin at malalaking bato ang pumalit sa kinalalagyan ng kalsada, ng mga bahay, ng tindahan ng mga pagkain, ng tatlong palapag na gusali, ng Agra Lodge...

Nawalan ng lakas ang mga tuhod ko. Nakakita ako ng malaking tipak ng bato at iika-ikang lumapit, umupo sa ibabaw nito. Ginalugad ko ng tingin ang kaligirang nagsisimulang mamula sa tila nagdurugong araw na lumulubog sa Kanluran.

Wala na ang dating mga kabahayan, kaniyugan at kakahuyan ng Cagsawa, Busay, Culiat, Bañag at tantiya ko'y hanggang Binitayan. Wala na rin ang kumpol ng mga bahay sa tabi ng tulay sa Busay, wala na ang bahay ni Tata Indoy. Hindi maabot ng tingin ang hangganan ng buhanging nakakalatan ng mga dambuhalang bato. Sa pagitan ng mga bato ay nakausli ang kalansay ng malalaking bahay: wasak na bubong, baling haligi at soleras, yupi-yuping yero, balu-baluktot na rehas ng bintana at bakod, tablang dingding...ito ang mga labi ng malalaking bahay. Ang

di mabilang na mga kubo at bahay na katamtaman ang laki ay wala nang lahat, walang bakas na makikita sa buhanginan; binunot ang pundasyon, inanod, pinagulong-gulong, itinapon — at ayon sa mga diyaryo — winasak sa tagiliran ng mga burol ng Culiat at Lingyon at isinuka ng Ilog-Yawa sa dagat, halos sampung kilometro mula sa kinauupuan ko. Alam ko, nasilip ko sa ibabaw ng agos, noong ako'y inaanod, kung paano pinaglaruan ng agos at ng malalaking bato ang mga bahay at ang mga taong nasa loob nito…dilat ang mga mata, bukas ang mga bibig, nasisindak, aywan kung may sigaw na lumalabas sa lalamunan, ang mga kamay ay kumakaway, hindi ko matiyak kung humihingi ng saklolo o namamaalam.

Tiningala ko ang matayog na Bulkang Mayon na ang dulo ay namumula rin sa sinag ng araw. Ang walang pingas na napakagandang hugis nito'y nakakubabaw sa kaligiran. Natanaw ko ang maitim na guhit ng abo at mga batong nanguyapit sa mga dalisdis—milyon-milyong tonelada ng lahar na ibinuga ng mahigit anim na buwang pag-aalma, naghihintay lamang ng ulan upang itulak, padaluyin pababa patungo sa batong kinauupuan ko, katulad ng hapong iyon…

Bago ko namalayang nagkaroon ng lambong ang kaligiran, nalusaw ang tanawin sa aking mga mata; nang pumikit ako'y may luhang dumaloy sa aking pisngi.

Ginitla ako ng kalabit sa braso ng isang batang may hawak na mga retrato, ang sabi, "Bili na, Sir, Cagsawa *pagtapos kan baha*." Pinahiran ko ng likod ng palad ang pisngi at tiningnan ang retratong inaalok sa akin. Sabi ko, " Niloloko mo ako, eksaktong ganyan ang retrato sa mga postcard, bago bumagyo." Sabi ng bata, "Tama, Sir. Kasi di man naano ang Cagsawa. Milagro! Iniwasan ng baha." Mabilis kong tinudla ng tingin ang malayong kakahuyan, na akala ko'y bahagi ng gubat sa paanan ng Mayon. Noon ko nakita na may mas malapit na kakahuyang kawayan, talisay, dangkalan at ilang Indian tree, at kung titingnang maigi ay masisilip ang nilulumot na tuktok ng lumang kampanaryo!

Nabuhayan ako ng loob. Tumayo ako't nagmamadaling naglakad, sumabay sa prosisyon ng mga taong bumababa sa tagiliran ng isang bahay na haligi't bubong lamang ang natira. Lumusong ako't tumawid sa isang mababaw na agos na nalalakdawan ng maikling tulay na gawa sa kabiyak na katawan ng niyog. Sa gitna ng tulay ay nilingon ko ang bahay sa buhanginan at nakitang dalawang palapag pala ito, ang una'y lubog sa lupa, ang malalapad na bintana'y nabilaukan ng buhangin. Muntik kong maipagkamali sa Agra Lodge ang bahay. Hawig ang tegulang bubong at kongkretong haligi sa mga *illusional drawing* ni Escher, ngunit nagkanduduling man ako'y wala akong makitang *illusion* sa paligid. Makatotohanan ang nakita kong trahedya. Kinunan ko ng retrato ang bahay. Iika-ikang nilampasan ko ang mga taong naglalakad sa buhangin, umiiwas-iwas sa malalaking bato. Kaunti na ang nakakasabay ko, karamihan ay pasalubong sa akin, pabalik sa highway. Ang ibang kasabay ko ay hindi na tumutuloy, tumitigil sa gitna ng buhanginan at kontento na sa pagkuha ng retrato ng salantang paligid. Nang tumagal ay ako na lamang ang naglalakad patungo sa kakahuyan. Lahat na'y kasalubong ko. Kinabahan ako. Baka nagsara na ang Cagsawa Park, dahil bumababa na ang dilim. Binilisan ko ang lakad, hila ang kaliwang paa.



Wala nang dalawang metro ang natira sa dating kongkretong spillway, ang ibang bahagi ay natabunan ng buhangin. May mababaw na agos ng tubig. Tinalunton ko ang dating daan. Sa kanan ay wasak ang 1814 Restaurant, parang sinabunutan ang bubong na anahaw. Warat-warat ang sawaling dingding. Sa kaliwa, sabog-sabog na bubong at wasak na dingding ang natira sa mga souvenir shop. Bahagyang nakabukas ang bakal na bakod ng Park. Walang tumatao sa takilya, may kahon sa tabi ng bentanilya, sa isang tabi ay nakasulat ang DONATIONS.

Buo nga ang Park. Himalang nakaligtas sa baha. Walang ano mang bakas ng bagyo. Walang tumbang kahoy o nabaling sanga. Kahit ang damuhan ay lungti pa rin. Naroon pa rin at iniuugoy ng banayad na hangin ang mga lumot at damo sa ituktok ng bahagyang nakahilig na kampanaryo. Sa kumakalat na karimlan ay nakita ko ang mangilan-ilang tao ng mga tindahan sa loob ng Park na tapos nang makapagligpit ng paninda at magkakasunod na lumalabas. Naglakad ako patungo sa guho ng Ayuntamiento, na siyang unang dapat ay inabot ng baha. Noon ko naaninag na ang baha ng buhangin at mga dambuhalang bato, sa di-maipaliwanag na dahilan, ay nagsanga pagdating sa likuran ng Ayuntamiento. Ang agos sa Hilaga ay umikot sa mababang bakod, iniwasan ang grotto ni Santa Maria, umikot sa likuran ng lumang simbahan, sa tagiliran ng swimming pool, ng Administration building at kumanan upang muling makisanib sa agos na bumaba ng Timog na namaybay sa mga tindahan ng souvenir, umapaw sa spillway, sa gilid ng 1814 Restaurant at nang muling magsanib ang dalawang agos ay kumanan palapit sa highway, kinubabawan, inanod at tinabunan ang mga barangay ng Cagsawa, Busay, Culiat, Bañag, Binitayan hanggang sumanib sa Ilog-Yawa patungong dagat.

Dahan-dahan, patay-malisyang naglakad ako patungo sa mga guho ng simbahan. Kanina ko pa pinipigil ang pananabik. Nilampasan ko ang grotto ni Santa Maria. Sumuot ako sa guho ng panlikod na dingding ng simbahan. Nang lumabas ako sa dating pintuan sa tagiliran ay nakita ko ang puno ng balete.

Karaniwang puno ng balete, katulad noong Lunes ng umaga. Sa lumalamlam na liwanag ng papalubog na araw, ang puno ay hubad sa hiwaga. Animo'y namimilipit sa sakit ang mga baging na nakikipagtalad sa panahon. Hindi pumapagaspas ang mga dahon. Bagama't nararamdaman ko sa likod ng tainga, ang hanging Amihan ay matamlay, tila prusisyon ng mga tamad na kaluluwang napipilitan lamang tumugon sa hindi inaasahang tawag. Kasintamlay ng Bulkang Mayon, na ang walang pingas na hugis ay nagsisimulang magkumot ng ulap, tila isang higanteng hapo sa trabaho at nais nang maidlip. Umupo ako sa kapirasong bato, ibinaba sa lupa ang saklay na backpack, inunat ang nangangalay na kaliwang paa at humilig sa batong dingding. Gumaan ang aking pakiramdam. Naging panatag ang kaligiran. Hindi ko namalayan ang pagbigat ng talukap ng aking mga mata at dahan-dahang pagidlip, aywan kung gaano katagal.

Walang ano-ano'y nakabalik ako sa loob ng aking silid sa Agra Lodge, nakaupo sa kama, nakasandal sa mga unan, hawak ko ang kumot hanggang leeg, dahil naka-shorts lang ako. Ang malamlam na liwanag ay galing sa isang kandilang nakatirik sa ibabaw ng tokador, sa harap ng salamin. Nakaupo sa tagiliran ng kama si Mam Taz, nagsasalita, hindi ko naulinig ang mga unang salita, "*…ang*

*nagsabing may darating sa buhay ko, isang lalaking matagal nang nasa aking puso, na nahiwalay lamang dahil sa paglalaro ng tadhana…*"

"Kaya hindi ka nag-aasawa?" tanong na hindi ko dapat itanong, ngunit naitanong din.

Sa halip na sagutin ang tanong ay nagpatuloy sa kaniyang sinasabi, "*Nang gamutin ko ang sugat mo sa ulo at hugasan ang iyong katawan, may nakita akong isa pang sugat…*" wala sa loob na kinapa ko ang pabilog na *balat* sa kaliwang dibdib ko.

"Birthmark…" pagtutuwid ko, ngunit hindi rin niya pinansin ang sinabi ko. Nakatuon ang mga mata niya sa mukha ko, ngunit tila wala ako roon…

"*…na nang dampian ko ng palad ay nagdugo…nagdala sa akin sa ibang panahon, sa ibang kaligiran…nagpahiwatig na kailangang iligtas kita sa kamatayan, kailangang lunasan, ibalot ng kumot, dalhin sa ligtas na kanlungan…*"

May hanging pumasok sa maliit na bentanilya, hinipan ang kandila't biglang nagdilim ang buong silid. Tinangka kong bumalikwas, ngunit naramdaman ko ang mabilis na pagtayo ni Mam Taz, ang di-nagmamadaling yabag, ang kislap na sinundan ng tunog ng pagkiskis ng posporo, ang muling pagsabog ng malamlam na liwanag. Pagkatapos maibalik ang posporo sa bulsa ng kaniyang palda ay walang pagmamadaling lumapit at muling umupo sa tagiliran ko, sa kama. Hinawakan ko ang kamay niya; ramdam ko ang init na galing kung saan. Nang kabigin ko'y saglit na nagbantulot ngunit nagparaya rin, bagama't naroon pa rin ang pag-aalangan. Ang unang tangka ko'y halikan ang malambot niyang kamay. Ngunit sa kung anong dahilan, nagbago ang isip ko. Ibinaba ko ang kumot sa dibdib hanggang tumambad sa liwanag ang mabilog kong balat. Dinadala ko ang palad niya upang muling idampi sa balat nang bigla niyang hinaltak, binawi ang kamay, nasisindak! Umiling-iling. Garalgal ang tinig nang magsalita, "*Ibibigay ko ang buhay ko makabalik lamang tayong muli sa panahong iyon…ngunit muli ka na namang mawawala sa akin…*" Humagulgol siya.

At naalimpungatan ako…Una kong naramdaman ang malamig na batong dingding, lamig na naninigid sa buto, at ang pamimitig ng kaliwa kong paa. Bumalikwas ako't hinagilap ang backpack, pahablot na hinugot ang dyaket at nagkukumahog na isinuot ito. Bago ko tuluyang naisara ang zipper sa harap ay naulinig ko ang pagaspas ng mga dahon, ang higing ng tila nananaghoy na tinig. Nang sulyapan ko ang punong balete ay nakita ko ang puting damit na kumakampay sa hanging Amihan, ang nagkakahugis-babaeng anino mula sa likuran ng puno, ang marahang imbay ng kamay na kumokompas sa mga paang humahakbang palapit sa akin at ang maamong mukhang naaaninag ko sa sinag ng namimilog na buwan.

Nagmamadaling hinubad ko ang dyaket, ibinukas ang harapan ng polong asul at inilantad sa liwanag ng buwan ang balat sa aking dibdib—kahit na naninigid sa buto ang lamig ng hatinggabi at nagsisimulang dumausdos sa punong balete ang dambuhalang Sawa…

~o0o~



Angelo R. Lacuesta

# *Jubilee*

Someone told me once, I can't tell you who, that every man needs a brother at one time or another. And though I don't trust aphorisms much—my grandmother's favorite: "there are no atheists in foxholes"—that thought brings to me an ancient unpleasantness, like the feeling people must get when they visit the same graves year after year, or attend the same old family rituals. These are the things, oddly enough, that never wear out.

But here it was, sticking out like a very fresh gravestone among the eternally unfamiliar, his name in large type held up to me by two curlicues—that's what they call them, I think, when they're without denomination of any sort, when they really mean nothing more than things to hold up the things they hold in between. As it happens, there were two dates below them, the first startlingly close to the date of my own birth. I remember now that we were both under the same water sign. The clue to that—or what it was this clue led to—was that he had turned out to be a champion swimmer as we grew up together.

He was also quite the handsome man, and I remember how each of these qualities quite powerfully enhanced the other, so that in our minds he stood head and shoulders above us.